



NEW MUSLIM  
ACADEMY  
PHILIPPINES

# ANG KASAYSAYAN NG PAGTITIPON NG Quran







Ang Qur'an ay ang huling salita ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) sa wikang Arabe noong ika-7 siglo ng Arabya. Ginarantiyahan ng Allah ang pangangalaga ng Qur'an tulad ng binanggit sa Qur'an. Mula sa pagsisimula sa rebelasyon ng mga talata nito, ang Qur'an ay iniingatan. May tatlong yugto sa kasaysayan sa pagtitipon ng Qur'an.



## *Unang Yugto*

**Sa panahon ng Talambuhay ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) 610–633.**

Ang Qur'an ay ipinahayag sa buong panahon ng paglilingkod ni Propeta

Muhammad ﷺ. Isang panahon ng humigit-kumulang 23 taon. Si Gabriel, isang natatanging Anghel na mula sa Allah ay binigyan ng tungkulin sa pagpapahayag ng Banal na Kasulatan sa Sugo ng Allah sa buong kasaysayan, maghahatid ng ilang mga talata at sipi ng Qur'an sa isang pagkakataon. Sa paraang ito, ay mas madali para kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) at sa kanyang mga tagasunod na matutunan ang Banal na Kasulatan, at maisabuhay ito ng paunti-unti.





## *Unang Yugto*

Sinabi ng Allah "Ito ay isang pagbigkas na Aming ipinahayag sa mga bahagi, nang sa gayon ay mabigkas ito ng mga tao ng may pagitan; Ipinadala namin ito ng paunti-unti." Dahil dito, ay inutusan ng Allah si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) na huwag magmadali o apurahin na ulitin ang inihatid, sa halip ay magtiwala na gagawin ng Allah na mamalagi o manahanan ang rebelasyon sa kanyang puso. Sinabi ng Allah, "Huwag mong igalaw ang iyong dila ng mabilis, sa pagbigkas nito. Ito ay para sa amin na tipunin ito at bigyan ka ng kakayahan para bigkasin ito."



## *Unang Yugto*

Samakatuwid, ang pamantayan sa mga tuntunin ng pagpapangatili sa Qur'an sa unang yugto na ito ay pasalitang paghahatid at pagmemorya. Ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad ﷺ sa Arabya ay hindi mga tao sa isang nakasulat na wika o ng nakaraang Kasulatan. Sinundan nila ang pasalitang tradisyon. Umasa sila ng husto sa kanilang isipan upang panatilihin ang kanilang kasaysayan, mga tula at panitikan. Nang Ang Qur'an ay inihatid ng Sugo, ang pangunahing pamamaraan upang panatilihin o ireserba ito ay ang pagsasaulo. Kaya marami sa naunang mga Muslim, ang mga tagasunod ni Propeta Muhammad ﷺ ay kilala na marunong o eksperto sa kanilang pagsasaulo ng Qur'an.





## *Unang Yugto*

May ilang nakasulat na mga Muslim na may tungkuling isulat ang Banal na Kasulatan at itala ito. Itinalaga ni Propeta Muhammad

ﷺ ang isang hanay sa kanyang mga tagasunod namaging mga tagasulat ng rebelasyon. Si Propeta Muhammad ﷺ ay laging binibigkas ang Qur'an sa kanila pagkatapos

ng paghahatid nito at sasaulohin nila ito at itatala. Gayunpaman, ang pagtatalang ito ng Qur'an ay hindi sa iisang lugar lamang o sa isang solong anyo ng libro. Sa halip, ang iba't-ibang bahagi ay hawak ng iba't-ibang tao. Itinala nila ang kasulatan sa iba't-ibang kagamitan tulad ng perganimo (isang matigas, patag, manipis na materyal na ginawa mula sa inihandang balat ng isang hayop at ginamit bilang isang matibay na ibabaw ng pagsulat noong sinaunang panahon) at dahon ng puno ng palmera.



## *Unang Yugto*

Ang pagkakasunod-sunod ng mga talata ng Qur'an ay nakapreserba sa isipan ng mga tagasunod ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Ang mga nananampalataya tulad ng apat na Kalipa na sina Abu Bakr, Umar, Uthman at Ali kasama sina Ibn Masud, Zayd Ibn Thabit, Ubayy Ibn Kab at marami pang iba ay kilala sa kanilang kahusayan sa Qur'an. Bawat taon, ang Anghel na si Gabriel ay dumarating sa Ramadan at rerebisahin ang buong rebelasyon kasama si Propeta Muhammad ﷺ. Sa huling taon ng kanyang buhay, ito ay dalawang beses na nirebisa o inulit upang tiyakin ang tamang pagkakasunod-sunod at pagtitipon ng Qur'an.





## *Ikalawang Yugto*

### **Sa panahon ng Pamamahala ni Abu Bakr 633–635**

Pagkatapos ng pagpanaw ni Propeta Muhammad ﷺ, si Abu Bakr (kalugdan nawa siya ng Allah) ay naging pinuno ng mga Muslim, isang Kalipa. Sa panahon ng kanyang pamumuno, si Abu Bakr (RA) ay kinailangang makipaglaban sa iba't-ibang tao na gustong pahinain ang pagtuturo o pagpapalaganap ng Islam pagkatapos pumanaw ni Propeta Muhammad ﷺ. May ilang mga huwad na propeta na umaangkin ng kapangyarihan. Kaya ang kanyang pamumuno ay tumatak sa ilang bilang ng mga labanan upang matiyak ang integridad ng Islam at pangalagaan ito mula sa lihis na pananaw at mga maling paniniwala.






## *Ikalawang Yugto*

Sa isang ganitong labanan, ang isang bilang o hanay ng mga Muslim na nakasaulo ng Qur'an ay napatay sa labanan. Nag-udyok ito kay Omar (RA), na sa kalaunan ay naging pangalawang Kalipa, na himukin si Abu Bakr (RA) na tipunin ang Qur'an sa isang solong anyo ng libro. Na ang layunin ay tiyakin na ang pagkawala ng buhay o pagpanaw ng mga taong nakasaulo o nagpapanatili ng Qur'an sa kanilang isipan ay hindi makakaapekto sa pagkawala ng Banal na Kasulatan. Si Abu Bakr ay sumang-ayon. Inatasan ni Abu Bakr si Zayd Ibn Thabit (kalugdan nawa sila ng Allah), isa sa mga manunulat ni Propeta Muhammad ﷺ, na tipunin ang Qur'an. Pinagsama-sama ni Zayd Ibn Thabit (RA) ang lahat ng mga perganimo at mga materyales sa pagsusulat mula sa lahat ng mga Muslim na mayroon ang mga ito.





## *Ikalawang Yugto*

Ngayon, sa unang pagkakataon, ang Qur'an ay tinipon sa isang libro. Tandaan, ito ay sa loob ng dalawang taon ng pagkamatay ni Propeta Muhammad ﷺ at ang panahon na ang karamihan sa kanyang mga alagad ay nabubuhay pa. Kaya ang pagiging tunay, katumpakan at ganap na kawastuhan ng Qur'an ay sigurado. Ang isa sa mga pangunahing layunin ng pagtitipong ito ay upang matiyak ang pangangalaga ng Qur'an saparaang walang maaaring makipagtalo. Ang lahat ng mga Muslim ay pinatunayan ang pagiging tunay nito at napatunayan ang integridad nito. Ang kopya nito ay nanatili sa Madina at hindi nakopya o ipinamahagi. Ito ang pinaka kopya o orihinal.





## *Pangatlong Yugto*

### **Ang Pamumuno ni Uthman 644–656**

Sa panahon ng panunungkulan ni Abu Bakr (RA) at pagkatapos ang kanyang kahalili na si Umar, ang imperyo ng Muslim ay mabilis na pinalawak. Lumaganap ito sa buong Byzantium sa Persiya at higit pa. Maraming mga bagong Muslim ang pumasok sa nananampalataya. Dahil karamihan sa kanila ay mga taong hindi bihasa sa wikang Arabe, ang pagkakaiba sa pagbabasa ng Qur'an ay nagsimulang sumulpot. Ang isa sa matandang mga alagad ni Propeta Muhammad ﷺ na si Huthayfah (RA), ay una niyang nasaksihan habang nasa Azerbaijan. Sa kanyang pagbabalik sa Madina, si Huthayfah ay nagpunta sa ikatlong Kalipa na si Uthman at sinabi sa kanya ang kanyang mga karanasan.





## *Pangatlong Yugto*

Nagmakaawa siya kay Uthman (RA) para gumawa ng hakbang sa pagkakaibang ito sa pagbigkas o pagbabasa bago humantong sa awayan at pagtatalo o mas malala pa, ang pagdanak ng dugo. Sumang-ayon si Uthman (RA). Magpapadala siya ng mga opisyal na kopya ng Qur'an sa buong komunidad ng mga Muslim nang sa gayon ay walang magiging pagkakaiba. Inutusan niya ang grupo ng apat na mgatagasunod ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), sa ilalim ng pamumuno ni Zayd Ibn Thabit para isagawa ang tungkuling ito. Si Zayd ay ang parehong taong itinalaga noon ni Abu Bakr (RA). Kinuha nila ang kopya na ito mulasa panahon ni Abu Bakr (RA) at itinakda ang paggawa ng mga kopya.





## *Pangatlong Yugto*

Pagkatapos ay nagbilin si Uthman (RA) na ang isang kopya ay dapat ipadala sa gobernador ng bawat probinsya at ang lahat ng iba pang mga hindi opisyal na kopya ay sunugin. Sa ganitong paraan, ang pangatlo at huling yugto sa pagtitipon ng Qur'an ay nakumpleto. Kasama ng opisyal na mga kopya ng Qur'an, ay nagpadala rin si Uthman (RA) ng mga guro sa bawat probinsya upang matiyak na babasahin ng mga tao at sasaulohin ang Qur'an ng tama. Simula noon, ang bawat kopya ng Qur'an sa mundo ay nanggaling sa awtorisadong kopya ni Uthman (RA). Ang kaugalian sa pag-aaral ng Qur'an mula sa mga kwalipikadong guro ay nagpatuloy hanggang sa ating panahon.